Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG INTERYOR AT LOCAL NA PAMAHALAAN**
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA Corner Quezon Avenue, Quezon City
Telephone Number 925.11.48 • 925.88.88 • 925.03.32
www.dilg.gov.ph

BIYAHENG PINOY
TAPAT NA PALAKAD, BAYANG MAUNLAD

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
RELEASED
Signature: Mig
Date: 7-28-16 10:20am
Control Number
RECORDS SECTION

**TANGGAPAN NG KALIHIM**

Enero 28, 2016

**MEMORANDUM SIRKULAR**
BLG. 2016-14

SA MGA : **PUNONG LALAWIGAN, PUNONG LUNGSOD, PUNONG BAYAN, PUNONG PANREHIYON NG ARMM, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG KINAUUKULAN**

PAKSA : **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2016**

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng "Buwan ng Wikang Pambansa" na idinaraos tuwing 1-31 ng Agosto. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "FILIPINO: WIKA NG KARUNUNGAN".

Layunin ng pagdiriwang na: (1) ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041; (2) Mahikayat ang iba't-ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at (3) maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Upang magkaroon ng makabuluhang pagdiriwang sa Buwan ng Wikang Pambansa, ang lahat ng Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Panrehiyon ng ARMM, Direktor Panrehiyon ng DILG at iba pang kinauukulan ay inaatasang makipag ugnay sa Sangay ng Edukasyon at Networking ng KWF, 2F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street., San Miguel, Manila o tumawag sa Telepono Blg. (02) 736-25-19 o mag-e-mail sa komfil@kwf.gov.ph o komisyonsawikangfilipino@gmail.com.

Kaugnay nito ang mga Direktor Panrehiyon ng DILG at Punong Panrehiyon ng ARMM ay inaatasan rin na dagliang ipalaganap ang direktibang ito sa kani-kanilang nasasakupan.

Para sa kaalaman at gabay ng lahat.

**MEL SENEN S. SARMIENTO**
Kalihim

DILG-OSEC OUTGOING 09292015-1265